

GOSPEL-CENTERED BIBLE READING

Gamitin ang mga guide questions na ito para masanay ka sa pagbabasa ng Bibliya na nakasentro sa Diyos at sa kanyang ginawa para sa iyo sa pamamagitan ng Panginoong Jesus.

1. GOD's Character and Ways

Paano nagpapakilala ang Diyos – Ama, Anak, at Espiritu?

- Anu-anong aspeto ng kanyang banal at perpektong katangian ang makikita dito?
- Anu-ano ang ipinapakita ditong layunin ng Diyos? Ano ang gusto niyang mangyari?
- Anu-ano ang ipinapakita ditong paraan ng Diyos o plano niya para matupad ang mga gusto niyang mangyari?

Response: Purihin (praise) ang Diyos kung sino siya at pasalamatang siya sa kanyang mga ginawa.

2. MAN's Fallen Condition

Paano ipinapakita ng Diyos ang kalagayan ng puso ng isang taong makasalanan na namumuhay sa mundo ng mga makasalanan?

- Paano ipinapakita ng mga karakter dito ang kasalanan ng tao at ang kahinaan ng tao na pagtagumpayan ang tukso? Paanong katulad din tayo nila? Paano ipinapakita dito na kailangan natin ang tulong at pagliligtas ng Diyos?
- Paano ipinapakita dito ang kakulangan natin ng tiwala sa Diyos (*unbelief*), pagmamataas o mataas na tingin sa sarili (*pride*) at pagsamba sa mga diyos-diyosan o pagpapahalaga sa mga bagay o tao na higit sa Diyos (*idolatry*)?
- Anu-ano ang mga kahirapan at mga struggles na nararanasan ng mga karakter dito? Paanong tayo rin ay nakakaranas ng mga ganoon? Paano ipinapakita dito na kailangan natin ang kaaliwan, lakas, at tulong na galing sa Diyos?

Response: Aminin (confess) ang mga kasalanan at kakulangan ng tiwala sa kanya, pati mga kahinaan.

3. GOSPEL Story

Paano ka itinuturo nito kay Jesus at sa kanyang ginawa para sa iyo?

- Paano nito itinuturo ang pagdating ni Jesus bilang tunay na Diyos, tunay na Tao, at tanging Tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao. (*for Old Testament stories*)?
- Paano nito itinuturo na si Jesus lamang ang nakasunod sa lahat ng nais ng Diyos (*perfect righteousness*) bilang katuparan ng kautusan ng Diyos at handog para sa ating kasalanan (*for Old Testament Law*)?
- Paano nito itinuturo na si Jesus ang perpektong kapahayagan ng kalooban at karunungan ng Diyos (*for Old Testament Psalms and wisdom literature*)?
- Paano nito itinuturo ang pagdating ng Kaharian ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus na Hari at Tagapagligtas (*for Old Testament prophetic literature and Messianic Psalms*)?
- Paano nito ipinapakilala si Jesus – ang kanyang awtoridad, ang pagiging tao niya, ang kanyang perpektong pagsunod sa Diyos, ang kanyang mga katuruan, ang kanyang relasyon sa Diyos at sa mga tao (kahit sa kanyang mga kaaway), at ang kanyang ginawang pagliligtas sa atin sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay (*for the Gospels – Matthew to John*)?

- Paano nito ipinapaliwanag ang kahulugan at resulta ng natapos nang gawa ni Jesus sa krus at ang kanyang ginagawa ngayon bilang naghaharing Panginoon sa pamamagitan ng Espiritu (*for Acts and Epistles*)?
- Paano nito inaabangan ang pagdating ni Jesus bilang Hari (*for Revelation, kingdom parables in the Gospels, end times teachings in the Epistles*)?

Response: Ipaalala (preach) sa sarili mo na sapat si Jesus at ang kanyang gawa para sa iyo.

4. GOSPEL Identity

Bilang resulta ng ginawa ni Jesus, sino ka na ngayon sa pakikipag-isa sa kanya?

Ano ang ipinapakita nito tungkol sa aking bagong kalagayan

- bilang anak ng Diyos na ating Ama?
- bilang tagasunod ni Jesus na ating Panginoon at Tagapagligtas?
- bilang tahanan o templo ng Espiritu na siyang kapangyarihan at presensiya ng Diyos na nasa atin?

Response: Ipaalala (preach) sa sarili mo kung sino ka na ngayon dahil kay Jesus.

5. GOSPEL Promises

Anu-anong pangako ang nais ng Diyos na panghawakan mo?

- May mga pangako ba dito o kaugnay nito ang pwede rin nating angkinin o panghawakan? Ano ang basehan natin para masabing ang pangakong ito ay para din sa atin ngayon?
- Paano na naipakita ng Diyos na tinutupad niya at kaya niyang tuparin ang kanyang mga pangako?
- Anong garantiya ang ibinigay niya na tiyak na tutuparin niya ang kanyang mga pangako?

Response: Ipaalala (preach) sa sarili mo ang mga pangakong ito.

6. HEART Transformation

Ano ang dapat mong hilingin sa Espiritu para baguhin ang puso mo na maging tulad ni Jesus?

- Anu-anong aspeto ng aking sariling makasalanan ang kailangan mawala sa akin (*put off*)?
- Anu-anong aspeto ng katangian ni Cristo ang kailangang mapasaakin (*put on*)?
- Anu-anong aspeto ng bunga ng Espiritu ang kailangang lumago sa buhay ko?

Response: Manalangin (pray) sa Espiritu na kumilos sa puso mo para baguhin ka.

7. OBEDIENCE

Paano ka susunod sa Salita ng Diyos sa iyo ngayon? Anong plano mong gawin dito?

- Ano ang nais ng Diyos na simulan o ipagpatuloy kong gawin para maipakita ang pagmamahal ko sa kanya bilang tugon sa pagmamahal niya sa akin?
- Ano ang nais ng Diyos na simulan o ipagpatuloy kong gawin para maibahagi ang pagmamahal niya sa
 - pamilya ko?
 - church namin?
 - sa mundong ito (mga di pa Cristiano, makamundong lipunan at unreached people groups)?

Response: Manalangin (pray) sa Espiritu na puspusin ka at bigyan ka ng lakas na maisagawa ito.